



Programa Para Maiwasan ang COVID-19 (CPP)

**COVID-19 na Pag-amyenda
Programa ng SUSD sa Pinsala at Pagkakasakit**

Christopher Anderson (Edison)
STOCKTON UNIFIED SCHOOL DISTRICT

Talahanayan ng Mga Nilalaman

| | | | |
|--|----|--|----|
| Introduksiyon | 2 | Pagsasanay at Pagtuturo | 14 |
| Ano ang COVID-19 | 2 | Mga Espasyo ng Opisina | 15 |
| Ano ang mga senyales at sintomas ng COVID-19 | 2 | Pisikal na Distansiya | 15 |
| Paano Kumakalat ang COVID-19 | 2 | Mga Protokol sa Paglilinis at Pag-disinfect | 15 |
| Paano Maaaring Maapektuhan ng Oubreak ng COVID-19 ang Mga Lugar ng Trabaho | 3 | Personal na Pamproteksiyong Kagamitan | 15 |
| Pagkilala at Pagsusuri sa Mga Peligro ng COVID-19 | 3 | Mga Site ng Paaralan Phase I | 16 |
| Pagtatama sa Mga Peligro ng COVID-19 | 3 | Pisikal na Distansiya | 16 |
| Partisipasyon ng empleyado | 4 | Mga Protokol sa Paglilinis at Pag-disinfect | 16 |
| Pagsasala sa Empleyado | 4 | Personal na Pamproteksiyong Kagamitan | 16 |
| Kontrol sa Mga Peligro ng COVID-19 | 5 | Mga Site ng Paaralan Phase 2 & 3 | 16 |
| Angkop sa Lahat ng Mga Lokasyon | 5 | Pamantayan sa Personal na Muling Pagbubukas | 16 |
| Pangkalahatan | 5 | Pasukan, Labasan, at Paggalaw sa buong Paaralan | 17 |
| Pagtataguyod sa Mga Kasanayan sa Kalinisang Mabuti sa Kalusugan | 6 | Pisikal na Distansiya | 17 |
| Pisikal na Distansiya | 7 | Paglilimita sa Pagbabahagi ng Karaniwang Gamit | 19 |
| Mga Pantakip sa Mukha | 7 | Tugon sa (Mga) Kumpirmadong Kaso ng COVID-19 | 19 |
| Mga Kontrol sa Engineering | 8 | Transportasyon | 19 |
| Istratehiya sa Paglilinis at Pag-disinfect para sa COVID-19 Virus | 9 | Serbisyo sa Pagkain | 19 |
| Sakaling may ulat na positibo sa COVID-19: | 9 | Pamamahagi ng Chromebook | 21 |
| Listahan ng Kasalukuyang Naka-stock na Disinfectant | 10 | Pag-imbetiga at Pagtugon sa Mga Kaso ng COVID-19 | 21 |
| Mga kasangkapan, kagamitan at personal na pamproteksiyong kagamitan (PPE) na hiram | 10 | Sistema para sa Komunikasyon | 22 |
| Pagsa-sanitize ng kamay | 10 | Eksklusyon ng Mga Kaso ng COVID-19 | 22 |
| Personal na Pamproteksiyong Kagamitan (PPE) | 11 | Pag-uulat, Pagtatago ng Tala, at Access | 22 |
| Plano sa Pamamahala ng Mga Taong May Sakit | 12 | Pamantayan sa Pagbabalik sa Trabaho | 23 |

Awtoridad at Responsibilidad

Si Mr. Brian Biedermann, Interim Superintendent, ay may kabuuang awtoridad at responsibilidad sa pagpapatupad ng mga probisyon ng CPP na ito sa lugar ng ating trabaho. Ang lahat ng mga tagapamahala at superbisor ay responsable para sa pagpapatupad at pagpapanatili ng CPP sa kanilang itinalagang mga lugar na pinagtatrabahuhan at para matiyak na makatanggap ang mga empleyado ng mga sagot sa mga katanungan tungkol sa programa sa isang wikang naiintindihan nila.

Ang lahat ng mga empleyado ay responsable para sa paggamit ng ligtas na kasanayan sa trabaho, pagsunod sa lahat ng mga direktiba, patakaran at pamamaraan, at pagtulong sa pagpapanatili ng isang ligtas na kapaligiran sa trabaho.

Introduksiyon

Ano ang COVID-19?

Noong Pebrero 11, 2020, inanunsiyo ng World Health Organization ang opisyal na pangalan para sa sakit na nagdudulot ng 2019 na outbreak ng nov coronavirus, unang natukoy sa Wuhan, China. Ang bagong pangalan ng sakit na ito ay Coronavirus Disease 2019, na pinaikli bilang COVID-19. Sa COVID-19, ang 'CO' ay nangangahulugang 'corona,' 'VI' para sa 'virus,' at 'D' para sa disease. Dati, ang sakit na ito ay tinutukoy bilang “2019 novel coronavirus” o “2019-nCoV”. Maraming klase ng mga coronavirus sa tao kasama ang ilan na karaniwang nagdudulot ng banayad na mga sakit sa upper-respiratory tract. Ang COVID-19 ay isang bagong sakit, na dulot ng bagong coronavirus na hindi dating nakita sa mga tao. Ang mga kasalukuyang bakuna para maiwasan ang COVID-19 ay kasalukuyang pinangangasiwaan sa Tiered phase ng distribusyon.

Ano ang mga Senyales at Sintomas ng COVID-19?

Ang mga senyales at sintomas ng COVID-19 ay maaaring lumabas ng kasing ikli ng 2 araw o kasing tagal ng 14 na araw matapos malantad sa virus. Karamihan ng mga tao ay nakakaranas ng banayad hanggang katamtamang sintomas, subalit, ang ilang mga tao ay maaaring walang anumang sintomas. Ang mga taong may mga sintomas na ito ay maaaring may COVID-19:

- Ubo
- Kakapusan ng paghinga o hirap huminga
- Lagnat > 100.4 F
- Pangangatog
- Pananakit ng kalamnan
- Masakit na lalamunan
- Bagong kawalan ng panlasa o pang-amoy
- Pagduruwal, Pagsusuka, Pagtatae
- Barado o tumutulong ilong
- Kapaguran
- Pananakit ng Kalamnan o Katawan

Paano Kumakalat ang COVID -19 (OSHA)

Bagaman ang mga unang kaso sa tao ng COVID-19 ay malamang nagresulta mula sa pagkalantad sa mga may impeksiyong hayop, ang mga may impeksiyong tao ay maaaring magkalat ng SARS-CoV-2 sa mga ibang tao. Naisip na ang virus ay pangunahing kumakalat mula sa isang tao papuntang ibang tao, kabilang ang:

- A. Sa pagitan ng mga taong nasa malapitang kontak sa isa't isa (ang kahulugan ng malapitang kontak ay mas maikli sa 6 na talampakan nang mahigit sa 15 minuto).
- B. Sa pamamagitan ng mga respiratoryong droplet na nagagawa kapag ang may impeksiyong tao ay umubo o bumahing. Ang mga droplet na ito ay maaaring dumapo sa bibig o ilong ng mga tao na malapit o posibleng

masinghot papunta sa mga baga.

- C. Sa pamamagitan ng mga kontaminadong surface kung saan ang mga respiratoryong droplet ay dumapo at pagkatapos ay hipuin ang mata, mukha, ilong o bibig ng tao.

Naisip na pinakanakakahawa ang mga tao kapag sila ay pinaka-sintomatiko (iyon ay, nakakaranas ng lagnat, ubo, at/o kakapusan ng paghinga). Maaaring posible na ang COVID-19 ay kumalat nang hindi nakakaranas ng anumang sintomas; may mga ulat ng ganitong klase ng asintomatikong transmisyong sa bagong coronavirus na ito, pero hindi naisip na ito ang pangunahing paraan ng pagkalat ng virus. Bagaman nagpatupad ang Estados Unidos ng mga pampublikong pangkalusugang pamamaraan para malimita ang pagkalat ng virus, malaman na ang transmisyong mula sa isang tao papuntang ibang tao ay patuloy na magaganap. Ang CDC website ay nagbibigay ng pinakabagong impormasyon tungkol sa transmisyong ng COVID-19: www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/about/transmission.html.

Paano Maaaring Maapektuhan ng Oubreak ng COVID-19 ang Mga Lugar ng Trabaho (OSHA)

Katulad ng mga virus ng trangkaso, ang SARS-CoV-2, ang virus na nagdudulot ng COVID-19, ay may potensiyal na magdulot ng malawakang outbreak. Sa ilalim ng mga kundisyong kaugnay ng malawakang pagkalat mula isang tao papunta sa ibang tao, maraming lugar sa Estados Unidos at mga ibang bansa ay maaaring makakita ng mga epekto nang sabay-sabay. Ang isang outbreak ay maaari ring pinahabang kaganapan. Bilang resulta, ang mga lugar ng trabaho ay maaaring makaranas ng:

- A. Pagiging absent: Maaaring absent ang mga trabahador dahil may sakit sila; inaalagaan nila ang mga may sakit na miyembro ng pamilya; caregiver sila ng mga bata kung ang mga paaralan o ang mga day care center ay sarado; mayroon silang mga taong nasa peligro na nasa bahay, tulad ng mga immunocompromised na miyembro ng pamilya; o natatakot silang pumasok sa trabaho dahil sa takot na posibleng malantad.
- B. Pagbabago sa mga pattern ng kalakal: Ang demand ng mamimili para sa mga bagay na kaugnay ng pagpigil sa impeksiyon (hal. mga respirator) ay malamang na makabuluhang tumaas, habang ang interes ng mamimili sa mga ibang bagay ay maaaring bumaba. Maaari ring baguhin ng mga mamimili ang mga pattern sa pamimili dahil sa COVID-19 outbreak. Maaaring subukan ng mga mamimiling mamili sa off-peak na oras para mabawasan ang kontak sa mga ibang tao, magpakita ng interes sa mga serbisyong naghahatid sa bahay, mas nais ang mga obang opsiyon, tulad ng drive-through na serbisyo, para mabawasan ang person-to-person na kontak.
- C. Naabalang supply/pag-deliver: Ang mga pagpapadala ng mga bagay mula sa mga heyograpikang lugar na malalang naapektuhan ng COVID19 ay maaaring maantala o kanselahin nang mayroon o walang abiso.

Pagkilala at Pagsusuri sa Mga Peligro ng COVID-19

Ipatutupad ng SUSD ang sumusunod sa lugar ng trabaho namin:

- A. Magsasagawa ng mga partikular sa lugar ng trabahong pagsusuri gamit ang **Apendise A: Form ng Pagkilala ng Mga Peligro ng COVID-19**.
- B. Suriin ang mga potensiyal na pagkalantad sa lugar ng trabaho ng mga empleyado sa lahat ng mga tao sa, o maaaring pumasok, sa ating lugar ng trabaho.
- C. Repasuhin ang mga angkop na kautusan at pangkalahatan at partikular sa industriyang patnubay mula sa Estado ng California, Cal/OSHA, at ang lokal na departamento ng kalusugan na kaugnay sa mga peligro at pag-iwas sa COVID-19.
- D. Suriin ang mga umiiral na kontrol para maiwasan ang COVID-19 sa ating lugar ng trabaho at ang pangangailangan sa magkakaiba o karagdagang kontrol.
- E. Magsagawa ng pana-panahong inspeksiyon gamit ang **Apendise B: Mga form para sa Inspeksiyon ng COVID-19** kung kailangan para matukoy ang mga kundisyong hindi mabuti sa kalusugan, mga kasanayan sa trabaho, at mga pamamaraan sa trabaho na kaugnay ng COVID-19 at para masiguro ang pagsunod sa ating mga patakaran at pamamaraan para sa COVID-19.

Partisipasyon ng empleyado

Ang mga empleyado at ang kanilang awtorisadong mga kinatawan ng mga empleyado ay hinihikayat na lumahok sa pagkilala at pagsusuri ng mga peligro ng COVID-19 sa pagkumpleto ng nilaan ng SUSD na survey at/o pag-uulat ng alalahanin sa kanilang (mga) direktang superbisor.

Pagtatama sa Mga Peligro ng COVID-19

Ang hindi ligtas o hindi mabuti sa kalusugang kundisyon sa trabaho, kasanayan o pamamaraan ay idodokumento sa **Apendix B: Form ng Inspeksiyon para sa COVID-19**, at itinama sa napapanahong paraan batay sa kalalaan ng mga peligro, ayon sa sumusunod:

Ang anumang naulat na alalahanin ay iimbestigahan sa loob ng 48-oras na panahon ng superbisor ng departamento/site. Ang mga respondent ay aabisuhan o ang mga pangkat ay kukunin para matugunan ang mga alalahanin sa loob ng at karagdagang 48 oras.

Kasama sa pagkilala, pagsusuri at pagtatama ng mga peligro sa lugar ng trabaho ang:

- Pag-develop at pagpapatupad ng proseso sa pagsasala ng mga empleyado para sa at pagtugon sa mga sintomas ng COVID-19

Pagsasala sa empleyado

Sinasala ng SUSD ang mga empleyado natin sa pamamagitan ng pagkumpleto sa Araw-araw na Pagsusuri sa Sintomas sa pamamagitan ng Qulatrix virtual portal. Mahahanap ng mga empleyado ang sumusunod na link ng survey sa SUSD website sa ilalim ng COVID-19 icon; <http://www.stocktonusd.net/screening>. Ang pang-araw-araw na survey na ito ay pag-iingat na pamamaraan na dinesenyo para mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa SUSD.

Pang-araw-araw na Pagsasala

- Ang mga kawani, mag-aaral, at pamilya ay bibigyan ng impormasyon tungkol sa kung paano mag-self-screen para sa mga sintomas ng COVID-19 at inatasan na huwag pumasok sa campus kung mayroon silang mga sintomas o malapit na nakikipag-ugnay sa isang nakahahawang tao at makipag-ugnay sa kanilang tagabigay ng kalusugan para sa pagsusuri at direksyon sa pag-aalaga ng sarili.
- Ang isang pagsasalang pagsusuri sa kalusugan ay isasagawa ng lahat ng mga empleyado, mag-aaral, mga boluntaryo, pamilya, o mga kontratista bago pumasok sa pasilidad at binubuo ng pagtatanong:
- Tungkol sa kung na-diagnose na may COVID-19 sa loob ng nakaraang 10 araw
- Tungkol sa kung nakatira sa o pagkakaroon ng malapit na pakikipag-ugnay sa isang tao na, sa nakaraang 14 na araw, ay naka-isolate para sa o nagkaroon ng isang test na nagpapatunay na mayroon silang virus. Ang malapitang kontak ay wala pang 6 na talampakan nang 15 minuto o higit pa.
- Tungkol sa pagkakaroon ng sintomas ng COVID-19 (<http://www.sjcphs.org/>) sa loob ng nakaraang 3 araw.
- Ang sinumang nagpapakita o nag-uulat ng mga sintomas ng COVID-19 o pagkakaroon ng malapit na pakikipag-ugnay sa isang kilalang positibong kaso ay maaalis mula sa lugar ng trabaho o campus.

Kontrol sa Mga Peligro ng COVID-19

- ❖ **Mga Administrative na Opisina** — Superintendent's Office; Academic and Innovation Office; Educational Services; Student Services; Human Resources; Fiscal Services; Maintenance, Operations, and Grounds; Facility Development and Planning; Bond Projects; Transportation; Technology; Risk Management; at Nutrition Services na departamento at kawani na nauugnay sa mahahalagang gawain
- ❖ **Mga Site ng Paaralan** — Magtakda ng oras ng operasyon para tulungan ang mga mag-aaral, mga pamilya, at kawani sa malayuang pag-aaral, at ipagpatuloy ang regular na pagmementina at pag-aayos ng mga pasilidad at lugar
- ❖ **Kusina at ibang sentro ng pamamahagi ng pagkain** — Pagpapalano ng pagkain, paghahanda, pagpapakete, at pamamahagi
- ❖ **Mga binangong programa sa pag-aalaga ng bata at limitadong athletic training na programa** — Ang dalawang ito ay nagpapatuloy sa mga indibiduwal na programa ng prebensiyon batay sa mga patnubay ng California Department of Public Health (CDPH) at San Joaquin County Public Health Department (SCCPHD) at sumusunod din sa mga protokol sa muling pagbubukas ng paaralan na nasa pangkaligtasang planong ito.

Mga Pamamaraan Para Makatulong na Pigilan ang Pagkalat ng COVID-19

Protektahan ang Sarili Mo

Mga mas matandang adult at taong may sumasailalim na medikal na kundisyon tulad ng sakit sa puso o baga o diyabetis ay tilang nasa mas mataas na peligro na magkaroon ng malalang kumplikasyon mula sa sakit na COVID-19.

LAHAT NG LOKASYON

Pangkalahatan

Ang mga protokol sa social distancing ay nakapaskil at ipinatutupad sa lahat ng mga site na bukas sa publiko. Ang mga plano ay in-upload sa SUSD website.

- A. Ang mga sumusunod na protokol ay nakapaskil sa pasukan ng bawat pasilidad at nilalaan sa lahat ng mahahalagang trabahador na dapat pumasok sa trabaho:
 1. Huwag pumasok sa pasilidad na ito kung mayroon kang ubo, lagnat o anumang sintomas ng COVID-19.
 2. Inaatas ang mga mask sa lahat ng panahon.
 3. Magpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansiya mula sa ibang tao.
 4. Bumahing at umubo sa tela o tisyu o, kung walang magagamit, sa siko.
 5. Huwag makipag-kamay o maugnay sa anumang hindi kailangang pisikal na kontak.
- B. Kung saan maaari at praktikal, pinahintulutan ng distrito ang mga empleyadong makapagtrabaho at magsagawa ng negosyo nang malayuan.
- C. Isagawa lahat ng pagpupulong ng kawani, professional development training at edukasyon, at ibang
 1. aktibidad na kaugnay ang kawani sa pamamagitan ng video o phone conference. Kung kailangan ang personal na pagdalo, isagawa ang mga nasabing aktibidad nang may angkop na pisikal na distansiya.
- D. Magpanatili ng anim na talampakan o higit pa ng distansiya sa pagitan ng isa't isa habang nasa campus ng paaralan.
- E. Magpanatili ng anim na talampakan o higit pa ng distansiya mula sa sinumang kailangang boluntaryo o bisita.

- F. Lahat ng mga empleyado ay sinabihang huwag pumasok sa trabaho kung may sakit.
- G. Ang mga desk o indibiduwal na workstation ay pinaghihiwalay ng anim na talampakan man lang o ang mga iskedyul ng kawani ay ini-stagger para limitahin ang kontak kapag hindi praktikal mag-pisikal na distansiya.
- H. Ang mga break room, banyo, at ibang karaniwang madalas hipuing surface ay madalas nililinis at araw-araw dini-disinfect ng custodial staff.
- I. Mga break room, opisina, at lugar ng trabaho ng kawani: huwag pahintulutan ang kawaning kumain o magsalosalalo sa anumang espasyo sa loob, tulad ng mga break room at opisina. Sa pangkalahatan, hindi maaaring payagan ang mahigit sa 1 miyembro ng kawani sa bawat 250 talampakang kuwadrado ng espasyo sa loob.
- J. Mayroong sabon, tubig, at papel na tuwalya sa lahat ng restroom.
- K. Sa mga kaso kung saan walang magagamit na sabon at tubig, maglalaan ng mga istasyon ng hand sanitizer.
- L. Lahat ng mga empleyado ay kukumpleto sa Keenan Training Modules (Kabahiran sa Coronavirus, Paglilinis at pag-disinfect ng Lugar ng trabaho mo, at Mga Patnubay sa paggawa at paggamit ng telang pantakip ng mukha)

Pagtataguyod sa Mga Kasanayan sa Kalinisang Mabuti sa Kalusugan

- A. Ang tamang paghuhugas ng kamay ay mas mabisa sa pagpigil sa transmisyong, pero ang hand sanitizer ay katanggap-tanggap na alternatibo kung hindi maisasagawa ang paghuhugas ng kamay.
- B. Ang tamang pamamaraan sa paghuhugas ng kamay, pag-iwas na hawakan ang mata, ilong at bibig, at pagtakip ng pag-ubo at pagbahing ay ituturo at bibigyang-diin.
- C. Ang karatula sa mga lugar ng madaling makita upang paalalahanan ang mga mag-aaral at kawani ng wastong mga pamamaraan para sa paghuhugas ng kamay, pagtakip ng mga ubo at pagbahing, pagsusuot ng mga pantakip sa mukha at iba pang mga hakbang sa pag-iwas ay ipo-post.
- D. Mayroong sapat na mga suplay ng sabon, tisyu, pantakip sa mukha at mga hand sanitizer.
- E. Ang lahat ng mga tao ay hinihimok na maghugas ng kanilang mga kamay o gumamit ng hand sanitizer sa pagdating.
 1. Magtatayo ng mga istasyon ng paglilinis ng kamay malapit sa mga pasukan ng campus at sa mga espasyo ng opisina. b. Ang hand sanitizer ay maglalaman ng hindi bababa sa 60% ethyl alcohol.
 2. Ang mga batang mas bata sa edad na 9 ay dapat gumamit ng hand sanitizer sa ilalim ng superbisyon ng adult.
 3. Magpapaskil ng mga karatula sa mga restroom at malapit sa mga istasyong hugasan ng kamay na may mga tagubilin sa mabisang paghuhugas ng kamay.
 4. Magpapaskil ng mga karatula na may mga tagubilin sa paggamit ng hand sanitizer.
- F. Bilang karagdagan sa pangkalahatang pagsasanay sa paghuhugas ng kamay na kasama na sa planong ito, ang mga kawani na nakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral ay aatasan at paalalahanan na hugasan ang kanilang mga kamay:
 1. Pagdating nila sa pasilidad at bago sila umalis sa pasilidad.
 2. Bago at pagkatapos hawakan ang pagkain, pakainin ang isang bata, o kumain.
 3. Bago at pagkatapos palitan ang isang lampin, o tulungan ang isang bata na gumamit ng banyo (hugasan din ang mga kamay ng bata pagkatapos tulungan ang bata na gumamit ng banyo o palitan ang kanilang lampin).
 4. Matapos matulungan ang isang bata na punasan ang kanilang ilong o bibig.
 5. Bago at pagkatapos magbigay ng paunang lunas.
 6. Matapos magtrabaho sa mga sandbox at katulad na lugar na laruan ng mga bata.
 7. Bago at pagkatapos bigyan ang bata ng gamot.
 8. Matapos hawakan ang mga basurahan o basura.
 9. Matapos maglinis ng mga ibabaw.
 10. Matapos gumamit ng banyo o urinal.
- G. Ang mga mag-aaral ay aatasan na maghugas ng kanilang mga kamay o gumamit ng hand sanitizer:
 1. Pagdating at pag-alis sa bahay; pagdating sa at pag-alis sa paaralan.
 2. Matapos maglaro sa labas.
 3. Matapos magkaroon ng malapitang kontak sa ibang tao.
 4. Matapos gamitin ang nakabahaging surface o kasangkapan.
 5. Bago at pagkatapos gamitin ang restroom.
 6. Matapos suminga, umubo o bumahing.
 7. Bago at pagkatapos kumain at maghanda ng pagkain.
 8. Bago sumakay sa bus at matapos bumaba.

- H. Tuturuan at paalalahanan ng kawani ang mga mag-aaral na bumahing at umubo sa isang tela o tisyu o, kung walang magagamit, sa siko at hugasan ang kanilang mga kamay o gumamit ng sanitizer. Ang tela o tisyu ay dapat itapon agad.
- I. Ang pagbabahagi ng mga supply at kagamitan sa mga kawani at mag-aaral ay pakokontiin sa hangganang maaari. Kapag ang mga bagay ay dapat ibahagi, linisin at i-disinfect ang mga gamit sa pagitan ng paggamit.
- J. I-minimize ang pakikipag-ugnay ng kawani at mga mag-aaral sa mga madalas hiouing mga surface (hal. pagbubukas ng pintuan gusali o ng silid, partikular sa mga oras ng pagdating at pag-alis).
- K. Lahat ng mga empleyado ay kukumpleto sa Keenan Training Modules COVID-19(Kabatiran sa Coronavirus, Paglilinis at Pag-disinfect ng Lugar ng Trabaho Mo, at Mga Patnubay sa Paggawa at Paggamit ng Telang Pantakip ng Mukha)
- L. Suspindihin o baguhin ang paggamit ng mga mapagkukunan ng site na nangangailangan ng pagbabahagi o paghipo sa mga item. Halimbawa, suspindihin ang paggamit ng mga drinking fountain at maglagay ng mga hydration station; hikayatin ang paggamit ng mga reusable na bote ng tubig.

Pisikal na Distansiya

Saanman posible, sinisiguro ng SUSD ang anim na talampakan man lang ng pisikal na distansiya sa lahat ng pagkakataon sa lugar ng trabaho natin. Ang layunin ng pisikal na distansiya ay upang mabawasan ang posibilidad ng pakikipag-ugnay na maaaring humantong sa transmisyon at isang malawak na ginamit na diskarte sa panahon ng pandemya. Ang mga kawani at mag-aaral ay sinasanay sa pisikal na distansiya para sa panloob at panlabas na mga espasyo at ang karatula ay ipapaskil.

A. Kawani:

1. Ang mga salo-salo ng kawani ay iiwasan sa pamamagitan ng paggamit ng mga Zoom meeting kailanman posible. Kapag ang mga kawani ay nagkikita nang personal ang kawani ay magsusuo ng mga mask sa lahat ng oras, uupo nang 6 na talampakan man lang ang layo, at magkikita ng maikling panahon (mas mababa sa 15 minuto hangga't maaari), at ang mga pagpupulong ay magaganap sa labas kung maaari.
2. Ang nakabahaging lugar ng trabaho ng kawani ay gagawing nasa minimum.
3. Ang flex time at ang pagtatrabaho mula sa bahay ay gagamitin kapag posible para mabawasan ang pagkalantad.
4. Paglalayuin ang mga indibiduwal hangga't posible kapag may mga sitwasyon na ang anim na talampakang pisikal na distansiya ay hindi makakamit.

B. Mga Mag-aaral:

1. Ang oras sa pagdaan sa pagitan ng mga klase ay nilalayan para sa pagbiyahe mula isang klase papunta sa ibang klase, ang pagsasalo-salo sa anumang lugar ay hindi papayagan.
2. Palalabasin ang mga mag-aaral mula sa klase sa mga pagitan para matulungan ang pahihwalay ng mag-aaral kailanman posible.

Mga Pantakip sa Mukha

Nagbibigay kami ng malinis, hindi nasirang mga takip sa mukha at tinitiyak na maayos itong isinusuo ng mga empleyado sa ilong at bibig kapag nasa loob, at kapag nasa labas at mas mababa sa anim na talampakan ang layo mula sa ibang tao, kabilang ang mga hindi empleyado, at kung saan inaatas ng kautusan mula sa California Department of Public Health (CDPH) o San Joaquin County Public Health (SJCPH).

- A. Ayon sa SJCPH, ang lahat ng mga adult ay dapat na magsuot ng takip ng mukha sa lahat ng oras habang nasa campus, maliban habang kumakain o umiinom o nasa isang kulong na silid na hindi ibinabahagi ng iba o mayroong isang exemption na nakalista sa ibaba (F).
- B. Ayon sa SJCPH, lahat ng mag-aaral (PK-12) ay inaatasang magsuot ng mga takip sa mukha kapag:
 1. Habang dumarating at umaalis sa campus
 2. Sa anumang lugar sa labas ng silid-aralan (maliban kapag kumakain, umiinom o nauugnay sa panlabas na pisikal na aktibidad)
 3. Sa silid-aralan, maliban kung hindi kasama ayon sa nakalista sa ibaba (F)
- C. Tuturuan ang kawani at mga mag-aaral sa angkop na paggamit at pag-aayos ng mga takip sa mukha.

- D. Ang kawani at mga mag-aaral ay gagamit ng sarili nilang takip sa mukha sa kundisyon na nagbibigay ito ng sapat na takip ng ilong at bibig.
- E. Ang takip sa mukha ay ilalaan sa kawani at mag-aaral na kailangan nito.
- F. Ang mga sumusunod na indibiduwal ay hindi kasama sa pagsuot ng takip sa mukha:
 - 1. Mga taong dalawang taong gulang o mas bata Ang mga maliliit na bata na ito ay hindi dapat magsuot ng takip sa mukha dahil sa panganib na ma-suffocate.
 - 2. Ang mga pantakip sa mukha ay hindi inirekomenda para sa sinumang may edad na 2 taong gulang o mas bata o sa mga nagkakaproblema sa paghinga o walang malay, walang kakayahan, o kung hindi man maalis ang takip nang walang tulong.
 - 3. Ang mga taong may kondisyong medikal, kondisyon sa kalusugan ng isip, o kapansanan na pumipigil sa pagsusuot ng takip sa mukha. Kasama rito ang mga taong may kondisyong medikal kung kanino ang pagsuot ng pantakip sa mukha ay maaaring hadlangan ang paghinga o walang malay, walang kakayahan, o kung hindi man maalis ang takip sa mukha nang walang tulong.
 - 4. Ang mga taong may kapansanan sa pandinig, o nakikipag-usap sa isang tao na may kapansanan sa pandinig, kung saan ang kakayahang makita ang bibig ay mahalaga para sa komunikasyon.
 - 5. Ang mga taong kung kanino ang pagsuot ng pantakip sa mukha ay lilikha ng peligro sa taong nauugnay sa kanilang trabaho, na tinutukoy ng mga lokal, estado, o pederal na regulator o mga alituntunin sa kaligtasan sa lugar ng trabaho.
- G. Ang distrito ay gagawa ng mga makatuwirang akomodasyontulad ng face shield na may tela na drape para sa mga hindi nakakasuot ng pantakip sa mukha para sa mga medikal na kadahilanan. Ang mga kahalili ay isasaalang-alang sa bawat batayan.
- H. Ayon sa mga alituntunin sa CDPH, ang mga guro ay maaaring gumamit ng mga face shield, na nagbibigay-daan sa mga mas batang mag-aaral na makita ang mukha ng kanilang mga guro at maiwasan ang mga potensyal na hadlang sa pagtuturo ng ponolohiya.
- I. Ang sinumang empleyado na hindi nagsusuot ng pantakip sa mukha, face shield na may drape o iba pang mabisang kahalili, o proteksyon sa paghinga, sa anumang kadahilanan, ay dapat na hindi bababa sa anim na talampakan ang layo mula sa lahat ng ibang mga tao maliban kung ang hindi naka-mask na empleyado ay natest ng kahit dalawang beses kada linggo para sa COVID 19.

Mga kontrol sa engineering

Ipinapatupad ng SUSD ang mga sumusunod na hakbang para sa mga sitwasyon kung saan hindi mapapanatili ang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal: Ang mga hadlang na Plexiglas ay na-install sa mga lugar ng distrito kung saan hindi mapapanatili ang anim na talampakan pati na rin ang lahat ng mga silid-aralan.

Mina-maximize ng SUSD, sa lawak na magagawa, ang dami ng labas ng hangin para sa aming mga gusali na may mekanikal o natural na mga sistema ng bentilasyon sa pamamagitan ng:

- A. Pagpapapasok ng sariwang panlabas na hangin hangga't maaari
- B. Suriin at linisin ang mga filter ng hangin para masiguro ang tamang kalidad ng hanin at sirkulasyon
- C. Siguruhin ang tamang bentilasyon sa paglinis at pag-disinfect
- D. Pahintulutan ang sapat na bantilasyon ng hangin sa mga espasyo ng mag-aaral kapag naglilinis bago ang pagdating ng mag-aaral
- E. Planuhin ang dami ng maaaring paglinis kapag wala ang mga mag-aaral
- F. Ang sirkulasyon ng hangin ay tumaas ng 30% kasama na ang pang-araw-araw na pagpapagana 2 oras bago ang paaralan at magpapatuloy hanggang 2 oras pagkatapos ng pag-aaral; kung saan maaari
- G. Mga ionizer (air purifier) na nakakabit sa mga yunit ng silid-aralan
- H. Mga yunit ng silid-aralan in-upgrade sa MERV-13 filters
- I. I-reprogram ang mga HVAC system na tumakbo kapag hindi bukas ang mga bintana at pintuan.
- J. Kapag maganda ang panahon, panatiliing bukas ang mga bintana at pintuan, kung posible, para madagdagan ang daloy ng hangin

Istratehiya sa Paglilinis at Pag-disinfect para sa COVID-19 Virus

Ang mahigpit na paglilinis at pagdidisimpekta na mga protokol ay itatalaga sa buong campus ng paaralan at mga lugar ng pagpapatakbo. Ang mga empleyado ay may access sa inaprubahan ng Environmental Protection Agency (EPA) na materyales para mapanatili ang kalinisan ng kapaligiran nila. Bilang karagdagan, ang mga empleyado ay lalaanan ng mga papel na tuwalya at mga spray bottle ng aprubado ng EPA na disinfectant. Sasanayin ang mga empleyado sa tamang paggamit ng mga panlinis at disinfectant.

- A. Bilang karagdagan sa mga protokol na paglilinis na natukoy sa planong ito, ang madalas hipuin na mga surface ng silid-aralan ay lilinisin at idi-disinfect sa isang regular na iskedyul ng paglilinis sa buong araw gamit ang isang naaprubahang EPA na disinfectant na epektibo laban sa COVID-19.
 1. Ang mga madalas nahihipong surface na isasama ay ang
 2. mga handle ng pintuan
 3. mga switch ng ilaw
 4. mga handle ng lababo
 5. nga surface ng banyo
 6. mga lamesa
 7. mga silya
 8. mga desk
 9. mga hawakan ng drinking fountain
 10. Ang mga empleyado, maliban sa mga custodian, ay maaaring maglinis ng mga surface na madalas hinahawakan gamit ang nilaan ng distritong disinfecting wipes.
- B. Ang mga empleyado na may tungkulin sa paglilinis at pagdidisimpekta ay bibigyan ng naaangkop na pagsasanay at personal na proteksiyon na kagamitan.
- C. Kada oras ay ididisimpekta ang mga restroom.
- D. Magaganap ang pagdidisimpekta kung wala ang mga mag-aaral upang maiwasan ang pagkakalantad ng mag-aaral.
- E. Gagamit ng wastong bentilasyon kapag nagsasagawa ng pagdidisimpekta upang mabawasan ang pagkakalantad ng empleyado.
- F. Ang sirkulasyon ng hangin ay dadagdagan ng
 1. pagkakaroon ng pagka-maximize ng sariwang hanging pumapasok sa HVAC
 2. pagpapanatiling bukas ng mga bintana at pintuan sa hangganan na ang iba pang pagsasaalang-alang sa kalusugan ng umookupa ay hindi negatibong naapektuhan
- G. Mga pamamaraan sa paglilinis at pag-disinfect:
 1. Magpapanatili ng angkop na bentilasyon sa lugar
 2. Ang taong may tungkuling mag-disinfect lang ang nasa lugar
 3. Magsusuot ang mga empleyado ng angkop na PPE
 4. Ang surface ay lilinis gamit ang pangkalahatang layuning spray na panlinis, kung kailangan
 5. Ang isang disinfectant na may numero ng pagpaparehistro ng EPA na naaprubahan bilang epektibo laban sa COVID-19 na virus ay ilalapat alinsunod sa tagubilin ng manufacturer, na nagpapahintulot sa naaangkop na oras ng pagkontak
 6. Ang mga electrostatic disinfectant system, kapag ginamit, ay gagamitin ayon sa mga tagubilin ng manufacturer
 7. Magtatanggal ng PPE ang mga empleyado at maghuhugas ng mga kamay nila

Sakaling may ulat na positibo sa COVID-19:

- A. Ang nakaiskedyul na pagdidisimpekta ng apektadong lugar ay magaganap pagkatapos ng 24 na oras na isolation, o kung pinapayagan hangga't maaari, bawat rekomendasyon ng CDC.
- B. Ang mga Custodian ay magdidisimpekta ng lahat ng mga touch point tulad ng inilarawan sa itaas pati na rin ang mga matitigas na ibabaw sa mga lugar ng trabaho/istasyon at anumang mga item na nauugnay sa teknolohiya na mga lugar na madalas mahawakan tulad ng mga telepono, keyboard, mouse, at printer.
- C. Kapag natapos ang komunikasyon ay magaganap upang pahintulutan ang muling pagpasok sa lugar na na-disimpektahan.

| Virus | Oras na ang Virus ay Nakakahawa* | Paraan ng Disinfection |
|-------------------------------------|---|---|
| Coronavirus (COVID-19, Novel, SARS) | Nasa hangin ng hanggang 3 oras 72 hours sa matitigas na surface 48 oras sa kahoy at tela 24 na oras sa karton | Disimpektahan ng isang nakarehistrong disinfectant ng EPA para sa lahat ng matigas, napupunasan at kaya isprayan na mga malambot na surface kung nakontamina sa loob ng huling 72 oras. Ang naka-print na materyales ay dapat "isolated" ng 24 na oras. Ang mga libro na may takip na plastic o tela ay i-isolate ng 72 oras |

Listahan ng Kasalukuyang Naka-stock na Disinfectant

| Disinfectant | Numero ng Pagpaparehistro sa EPA | Oras ng Kontak (min.) |
|----------------------------|----------------------------------|-----------------------|
| HIL0083200 Suprox-D | 1839-224-1658 | 10 Minuto |
| PurTabs (Protexus Sprayer) | 71847-6-91524 | 10 Minuto |
| GenEon Sprayer | 91112-2 | 10 Minuto |
| Hillyard Vindicator | 1839-167-1658 | 10 minuto |
| Hillyard Suprox D | 1839-224-1658 | 10 minuto |

Mga kasangkapan, kagamitan at personal na pamproteksiyong kagamitan (PPE) na hiram

- A. Hindi dapat maghiraman ng PPE, hal., guwantes, goggles at face shields.
- B. Ang mga item na regular na pisikal na hinahawakan, tulad ng mga telepono, headset, mesa, keyboard, materyales sa pagsulat, instrumento at tool ay hindi dapat ibahagi, hangga't posible. Kung maghihiraman, dapat i-disinfect ang mga bagay sa pagitan ng paggamit ng empleyadong huling gumamit nito, gamit ang virex o Clorox wipes.
- C. Ang pagbabahagi ng mga sasakyan ay iiwasan hangga't maaari, at ang mga madalas nahihipo (halimbawa, ang manibela, hawakan ng pintuan, buckle ng sinturong pangkaligtasan, patungan ng kamay, kambiyong, atbp.) ay idi-disinfect sa pagitan ng mga gumagamit.

Pagsa-sanitize ng kamay

Upang ipatupad ang mabisang pamamaraan sa pag-sanitize ng kamay, ang SUSD ay:

Madalas maghuhugas o magsa-sanitize ng mga kamay. Dapat madalas ,aghugas ng mga kamay ang lahat ng mag-aaral at kawani. Kung walang sabon at tibig, gumamit ng aprubado ng distritong mahigit sa 60% alcohol-based na hand sanitizer. Magbibigay ang distritong ito ng nakasulat na tagubilin at karatula sa tamang pamamaraan sa paghuhugas ng kamay. Nirerekomenda ang mga sumusunod na patnubay sa mga setting ng paaralan.

Upang ipatupad ang mabisang pamamaraan sa pag-sanitize ng kamay, ang SUSD ay:

- A. Suriin ang mga pasilidad sa Paghuhugas ng Kamay
- B. Alamin ang pangangailangang baguhin o magdagdag ng mga pasilidad sa paghuhugas ng kamay
- C. Hikayatin at maglaan ng oras sa paghuhugas ng kamay ng empleyado
- D. Bigyan ang mga empleyado ng mabisang hand sanitizer at pagbawalan ang mga sanitizer na naglalaman ng methanol (iyon ay methyl alcohol)
- E. Hikayatin ang mga empleyadong maghugas ng mga kamay nila ng 20 segundo man lang bawat pagkakataon.

Sa pinakamababa, ang mga mag-aaral at kawani ay dapat maghugas ng kanilang mga kamay o gumamit ng hand sanitizer:

- A. Sa pagdating sa site ng paaralan, departamento o site ng trabaho
- B. Bago umalis sa site
- C. Sa pagpasok sa anumang bagong silid-aralan, departamento, site ng trabaho
- D. Kapag gumagamit ng restroom
- E. Kapag nakikitang madumi
- F. Matapos gumamit ng tisyu, umubo sa kamay
- G. Sa pag-uwi

Personal na Pamproteksiyong Kagamitan (PPE) na ginamit para kontrolin ang pagkalantad ng mga empleyado sa COVID-19

Sinusuri ng SUSD ang pangangailangan sa PPE (tulad ng guwantes, goggles, at mga face shield) ayon sa inaatas ng CCR Pamagat 8, seksyon 3380, at ilaan ang mga nasabing PPE ayon sa pangangailangan.

Pagdating sa proteksyon sa paghinga, sinusuri namin ang pangangailangan alinsunod sa CCR Pamagat 8 seksyon 5144 kung ang mga kinakailangang pisikal na distansya ay hindi magagawa o mapanatili.

Nagbibigay at tinitiyak ng SUSD ang paggamit ng proteksyon sa mata at proteksyon sa paghinga alinsunod sa seksyon 5144 kapag ang mga empleyado ay nahantad sa mga pamamaraan na maaaring mag-aerosolize ng potensyal na nakahahawang materyal tulad ng laway o respiratory tract fluids.

Personal na Pamproteksiyong Kagamitan

Ang personal na pamproteksiyong kagamitan, na karaniwang tinutukoy bilang "PPE," ay kagamitang isinusuot upang mabawasan ang pagkakalantad sa mga panganib na nagdudulot ng mga seryosong pinsala sa lugar ng trabaho at sakit o upang maprotektahan ang iba sa pamamagitan ng paglilimita sa pagkalat ng mga respiratory droplet na nagmula sa may-suoy, ibig sabihin, mga pantakip sa mukha at mga face shield na isinusuot para sa hangaring ito. Kakaunti ang supply ng PPE sa buong bansa dahil sa mataas na demand. Ang lahat ng mga makatuwirang hakbang ay gagawin upang makuha ang kagamitang ito na kinakailangan upang maprotektahan ang mga mag-aaral at kawani.

Ang sumusunod na PPE ay kinakailangan na isuot alinsunod sa seksyon B ng planong ito. Ang mga pantakip sa mukha ay ibibigay sa mga kawani, mag-aaral at bisita sa isang "kinakailangan" na batayan sa kagustuhan na dumating ang mga kawani, bisita, kontratista, at mga boluntaryo na may sariling takip sa mukha at ang mga pamilya ay maglaan ng isang pantakip sa mukha na angkop para sa kanilang anak. Maglalaan ng mga face shield sa mga empleyado kung kailangan.

- Face mask
- Face shield

Ang sumusunod ay listahan ng PPE na ilalaan na angkop sa gawain:

- A. Mga face shield na may mask: Nauugnay sa pagsasala ng sintomas o inaalagaan ang taong may sintomas ng COVID-19
 - 1. Guwantes (hindi tinatagusan, angkop sa gawain)
- B. Paglilinis at disinfection gamit ang aprubado ng EPA na disinfectant
 - 1. Paghahanda ng pagkain at serbisyo
 - 2. Pamamahagi ng tech equipment, serbisyo, at palitan
 - 3. Kawani ng front office kapag humahawak ng mga bagay na isinumite ng publiko
 - 4. Mga gawaing kaugnay ang kontak sa mga fluid ng katawan/excrement
 - 5. Mga Gown (disposable): Ang empleyado na nag-aalaga sa isang tao na may mga sintomas ng impeksyon sa COVID-19 na umuubo o bumabahing o isang empleyado na nagsasagawa ng pagdidisimpekta sa isang lugar na dati nang sinakop ng isang tao na nagpositibo sa COVID-19 na virus.
 - 6. N95 respirator (kung mayroon at nakalapat): Nilalaan sa mga empleyado na nag-aalaga ng taong may sintomas ng COVID-19 – mga nurse/health office staff.

Tandaan: Ang distrito ay kasalukuyang hindi gumagamit ng isang produktong disinfectant na mangangailangan ng proteksyon ng respirator.

Plano sa Pamamahala ng Mga Taong May Sakit

- A. Ang isang silid ng isolation ay itatalaga sa bawat paaralan at lalagyan ng naaangkop na PPE.
- B. Ang mga taong nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19 ay kaagad na kinakailangan na magsuot ng mask (maliban kung ang kanilang edad o kondisyong pisikal ay gagawin itong hindi ligtas).
- C. Kung ang isang mag-aaral ay nagpapakita o nag-uulat ng mga sintomas ng COVID-19 o nag-uulat ng pagkakalantad sa sinumang na-test na positibo para sa COVID-19 sila ay lilipat kaagad sa lugar ng pag-isolate. Ibibigay ang mag-aaral sa kanilang magulang para sa follow-up na pag-aalaga at pagte-test
- D. Ang kawani na nagkakaroon ng mga sintomas ay paaalisin sa mga lugar at hiningi ng pangangalaga at tagubilin na ma-test.
- E. Ang mga sintomatikog mag-aaral at kawani, na walang malapit na contact at na-test ng negatibo, ay maaaring bumalik 24 na oras pagkatapos mawala ang lagnat (kung mayroon man) at pagpapabuti ng mga sintomas. Ang dokumentasyon ng negatibong resulta ng test ay ibibigay sa mga administrator ng paaralan. Kapalit ng isang negatibong resulta ng test, payagan ang mga mag-aaral at kawani na bumalik upang magtrabaho kasama ang isang medikal na tala na nagbibigay ng isang kahaliling paliwanag para sa mga sintomas at dahilan para hindi ma-test.
- F. Ang mga mag-aaral at kawaning positibong na-test para sa COVID-19 ay maaaring bumalik sa paaralan kapag natutugunan nila ang pamantayan ng SJCPH para sa pagkumpleto ng isolation, na hindi bababa sa 10 araw mula nang magsimula ang mga sintomas (o mula sa positibong petsa ng pagkolekta ng pagsubok kung hindi kailanman nagkaroon ng mga sintomas) at 24 na oras na walang lagnat at pagpapabuti ng mga sintomas.

Mga Pamamaraan sa Pag-test at Pag-ulat sa COVID-19

Aabisuhan ang pangkalusugang opisyal, kawani, at pamilya kung malapitang nakipag-ugnay sila sa isang positibong kaso ng COVID-19 habang pinapanatili ang pagiging kumpidensiyal tulad ng inaatas ng mga batas ng estado at pederal. Mangyaring tandaan, ang isang "Malapitang Kontak" ay kasalukuyang natukoy bilang nasa loob ng anim na talampakan mula sa isang positibong kaso habang nakahahawa sa isang panahon na hindi bababa sa 15 minuto.

Hinihimok ang regular na buwanang pag-test ng kawani sa pamamagitan ng mga tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan o sa mga lugar ng pag-test.

- A. Walang Sintomas, Walang Malapitang Kontak sa Kumpirmadong Kaso, o Walang Positibong Test
 - 1. Ipagpatuloy ang pang-araw-araw na self-screening para subaybayan para sa sintomas
 - 2. Walang quarantine
 - 3. Hindi kailangang magpa-test
 - 4. Tugunan ang anumang mga alalahanin sa personal na tagabigay ng kalusugan

B. Nagpapakita ang tao ng Sintomas ng COVID-19

1. Agad na mag-mask, kung wala pa, at ipadala sa Isolation area (o bahay, kung kawani) hanggang maihatid sa bahay o sa pasilidad sa pangangalaga ng kalusugan sa lalong madaling panahon.
2. Isara ang mga lugar na ginamit ng sinumang may sakit at huwag gamitin bago magdisimpekta. Upang mabawasan ang peligro ng pagkakalantad, ang kagamitan sa PPE ay gagamitin upang protektahan ang kawani, at madidisimpekta bago muling buksan.
3. Atasan ang mga mag-aaral at kawani na ma-test pagkatapos nilang magkaroon ng isa o higit pang mga sintomas ng COVID-19 o kung ang isa sa kanilang miyembro ng sambahayan o malapit na kontak na wala sa bahay ay na-test na positibo para sa COVID-19
4. Kung na-test na Negatibo o nagbibigay ng medikal na tala na nagpapaliwanag ng mga sintomas at dahilan
 - a. Ang mga may sintomas na indibidwal na hindi malapit na kontak at na negatibo sa test para sa COVID-19 ay maaaring bumalik sa personal na paaralan/trabaho pagkatapos ng hindi bababa sa 24 na oras mula sa pagkawala ng lagnat (kung mayroon man) at pagpapabuti ng iba pang mga sintomas
 - b. Ang mga malapit na kontak ng isang kaso ng COVID-19 na na-test na negatibo ay maaaring bumalik sa personal na paaralan/trabaho pagkatapos makumpleto ang 14 na araw ng quarantine mula sa huling pagkakalantad
 - c. Ang dokumentasyon ng negatibong resulta ng test ay ibibigay sa mga administrator ng paaralan
 - d. Mananatiling Bukas ang Paaralan/Klase
 - e. Walang Karagdagang Komunikasyon
5. Nag-test na Positibo
 - a. Sundin ang Kumpirmadong Kasong protokol ayon sa SJCPH COVID-19.
 - b. Sundin ang Malapitang Kasong protokol ayon sa SJCPH COVID-19.
 - c. Ang mga mag-aaral/kawani na na-test na positibo at nakumpleto ang mga kinakailangan sa pag-isolate, ay hindi nangangailangan ng isang medikal na tala ng isang negatibong test bago bumalik sa paaralan/trabaho

B. Malapitang Kontak sa Kumpirmadong Kaso

1. Kilalanin ang Mga Malapitang Kontak
2. Pauwiin ang Mga Malapitang Kontak
3. Bigyan ng mga template ng SJCPH para sa malapitang kontak na may mga tagubilin para sa pag-quarantine at pag-test (ang quarantine ay 14 na araw mula sa huling pagkakalantad).
4. Abisuhan ang cohort sa paaralan ng kilalang malapitang kontak gamit ang SJCPH template na liham, kung nakatukoy
5. Mananatiling bukas ang paaralan

C. Kumpirmadong Impeksiyon ng Kaso

1. Naabisuhan ang administrasyon ng paaralan
2. Dapat abisuhan ng mga administrador ng paaralan ang Public Health Department sa loob ng 4 na oras mula malaman ang anumang positibong kaso ng COVID-19 sa pamamagitan ng Education Reporting Portal sa www.sccgov.org/schools
3. Binigyan ang kumpirmadong mag-aaral/kawani ng template na liham para sa positibong COVID-19 na may mga tagubilin sa isolation
4. Sundan ang protokol sa Malapitang Kontak sa Kumpirmadong Kaso (kung nakatukoy) SJCPH COVID-19
 - a. Nakilala ang mga batay sa paaralang malapitang kontak at binigyan ng SJCPH template na liham na may mga tagubilin sa pag-quarantine at rekomendasyon sa pag-test
 - b. Para sa mga setting kung saan napanatili ang matatag na mga cohort sa silid-aralan: lahat ng mga mag-aaral at kawani na nasa loob ng iisang cohort ng silid-aralan bilang isang nakumpirmang kaso ng COVID-19 ay dapat na agad na maiwi at inatasan na mag-quarantine sa bahay sa loob ng 14 na araw mula sa huling pagkakalantad at i-test alinsunod sa mga rekomendasyon ng Public Health Department
 - c. Para sa mga setting kung saan HINDI napanatili ang mga stable na cohort sa silid-aralan: Gumamit ng mga class roster sa upuan at kumonsulta sa mga guro/kawani upang makilala ang malapit na mga kontak sa nakumpirmang kaso ng COVID-19 sa lahat ng mga gawain sa silid-aralan at sa campus. Ang mga malapit na contact ay dapat na agad na maiwi at

inatasan na mag-quarantine sa loob ng 14 na araw mula sa huling pagkakalantad at ma-test alinsunod sa mga rekomendasyon ng Public Health Department

5. Hikayatin ang mga magulang/tagapag-alaga na ipagbigay-alam sa anumang mga indibidwal o organisasyon na may malapit na kontak ang kanilang anak sa labas ng setting ng paaralan
6. I-disinfect ang silid-aralan at mga lugar kung saan ang kaso ay gumugol ng mahalagang oras
7. Abisuhan ang paaralan/lugar ng trabaho ng kilalang kaso
8. Ang mga oaaralan ay mananatiling bukas ayon sa patnubay mula sa Local Health Jurisdiction (LHJ)

Pagsasanay at Pagtuturo

- A. Sasanayin ng distrito ang lahat ng kawani at magbibigay ng mga materyal na pang-edukasyon sa mga pamilya sa mga sumusunod na aksyon sa kaligtasan:
 1. Pinahusay na kasanayan sa sanitasyon
 2. Mga patnubay sa pisikal na distansiya at kahalagahan nito
 3. Tamang paghuhugas ng kamay
 4. Paggamit at pag-aalaga ng mga takip ng mukha at ibang pamproteksiyong kagamita
 5. Mga kasanayan sa pag-screen
 6. Pagkilala sa partikular na sintomas ng COVID-19
 7. Makakatanggap ang kawani ng kabuuang pananaw sa Plano sa Kaligtasan ng COVID-19 ng distrito
- B. Virtual na isasagawa ang pagsasanay at edukasyon, o personal, kung mapapanatili ang distancing.
- C. Itinalaga ang mga sumusunod na online na kurso:
 1. Kabatiran sa Coronavirus (Lahat ng Mga Empleyado)
 2. Pamamahala sa Stress at Pagkaligalig sa Coronavirus (Lahat ng Mga Empleyado)
 3. Pamamahala sa Sambahayan Mo sa Coronavirus (Lahat ng Empleyado)
 4. Paglilinis at Pag-disinfecting ng Mga Karaniwang Lugar (Lahat ng Mga Empleyado)
 5. Coronavirus: Paglipat sa Malayuang Puwersa ng Manggagawa
 6. Blood Borne Pathogen (Lahat ng Mga Empleyado)
- D. Ang mga empleyado na naatasan sa pagdi-disinfect ng mga ibabaw at kagamitan ay bibigyan ng pagsasanay sa mga sumusunod:
 1. Pangkaligtasang Plano sa SUSD COVID-19 – Paglilinis at Disinfection
 2. Pagkalantad sa at kontrol sa COVID-19 sa paglilinis at disinfection
 3. Mga pandaigdigang pag-iingat
 4. Klase, paggamit, at mga limitasyon ng PPE
 5. Mga tamang pamamaraan sa pag-disinfect
 6. Impormasyon sa Safety Data Sheet sa ginamit na kemikal
 7. Paano makakakuha ng mga sagot sa mga alalahanin sa kaligtasan
